LEVEL 1

# Leveled Reader
in Filipino

# Nang Umulan



Isinulat at iginuhit ni Ade Cynthia



Kaming magkapatid ay mahilig maglaro sa parke.



Ahh! Isang araw,
biglang umulan.





Mabilis akong naghanap
ng masisilungan ngunit
nagpatuloy pa rin
sa paglalaro ang
aking kapatid.



Hindi ko gusto ang ulan. Pinadidilim nito at pinalulungkot ang araw.



Nababasa rin nito
ang aking damit na
puwedeng maging
dahilan para ako
ay magkasakit.



Kadiri! Sinabuyan ako ng putik ng aking kapatid!





Basang-basa na ang aking damit.
Basang-basa na rin ang damit ng aking kapatid ngunit wala siyang pakialam.





Masaya pa rin niyang ipinagpatuloy ang paglalaro.



Kinawayan ako ng aking kapatid at tumakbo pauwi. Naku! Tatakbo siya sa gitna ng ulan!?



Tatakbo ba ako?
Ayaw kong mabasa.
Pero ayaw ko ring
maiwang mag-isa
sa parke.



*Pssh! Pssh! Pssh!*



Hmm…



Napakaraming putik...



Talon! Talon! Talon!



*Wow!* Tumatalsik ang tubig kung saan-saan!



Ha ha ha! Masaya palang maglaro sa ulan.



Huminto na ang ulan.
Oras na para umuwi.





Naroon ang aking kapatid. Nagulat siya nang makita akong...



...basang-basa at
maputik. Pero
masayang-masaya ako!
Gustong-gusto ko
ang ulan!

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation